



Palabunutan para sa Waiting List ng Section 8

Magbubukas sa Oktubre 17, 2022 nang 6 AM
Magsasara sa Oktubre 30, 2022 nang 5 PM Pacific Time

Mag-apply lamang online sa **HACLA.HCVLIST.ORG**

Tumatanggap ang Housing Authority of the City of Los Angeles ng mga online na aplikasyon para sa mga indibidwal at pamilya na lalahok sa palabunutan para magkaroon ng puwesto sa waiting list ng Programa ng Section 8. Ang Programa ng Section 8 ay nag-aalok ng tulong sa pabahay sa mga pamilya sa pamamagitan ng pagbabayad ng parte ng kanilang upa sa mga may-ari ng pribadong ari-arian. Sinumang pamilya o indibidwal na kwalipikado batay sa kanilang kita ay puwedeng mag-apply at dapat na may isa sa inyong sambahayan ang legal na residente, kahit na menor de edad pa lang ang legal na residente. Alamin ang higit pang impormasyon sa online sa **HACLA.ORG**.

Puwedeng mag-apply online ang mga indibidwal at pamilya 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo, sa loob ng dalawang linggong panahon ng aplikasyon gamit ang smart phone, computer, o iba pang mobile device na may access sa Internet. Walang aplikasyon na tatanggapin nang personal o sa pamamagitan ng liham o email. Para sa mga walang smartphone o computer o Internet, merong libreng paggamit ng mga computer at Internet sa inyong lokal na Los Angeles City library.

Para mag-apply sa palabunutan, kailangan ninyo ng: isang valid na email address, numero ng telepono, address kung saan kayo nakatira (kung mayroon kayo nito) at address kung saan kayo makokontak at nakakatanggap ng sulat; pinagsama-samang taunang kita ng sambahayan; at ang buong pangalan, petsa ng kapanganakan, at numero ng Social Security/numero ng Alien Registration (kung mayroon kayo nito) para sa Ulo ng Sambahayan at kanyang Asawa/Kasamang Ulo (kung naaangkop).

Ang karagdagang mga resource gaya ng mga partner na nagbibigay ng tulong sa aplikasyon, mga klase tungkol sa pagse-set up ng email, at libreng access sa mga computer at Internet ay makikita sa **HACLA.HCVLIST.ORG**. Kung kailangan ninyo ng tulong para sa aplikasyon o pagse-set up ng email dahil sa kapansanan, pangangailangan ng sebisyo sa pagsasalin ng wika, o komunikasyon sa alternatibong format, pakisuyong tumawag sa **213-523-SEC8** o **877-621-SEC8**, sa pagitan ng 7 AM at 6 PM Pacific Time, araw-araw sa panahon ng aplikasyon. Ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa pandinig o pagsasalita na gumagamit ng teknolohiya ng TDD o TTY ay puwedeng tumawag sa California Relay Services sa pamamagitan ng pagda-dial ng **7-1-1** para sa tulong.

Pagkatapos magsara ng panahon ng aplikasyon, magsasagawa ng random na palabunutan para pumili ng 30,000 aplikasyon na isasama sa Waiting List para sa Programa ng Section 8, kaya ang mga aplikasyon ay puwedeng isumite anumang oras sa loob ng dalawang linggong panahon ng aplikasyon.

Sa palabunutan, bibigyan ng prioridad para sa tulong sa pabahay ang mga aplikanteng nakatira, nagtatrabaho, o na-tanggap para magtrabaho sa Lungsod ng Los Angeles, at sa mga aplikante na beterano o may miyembro ng sambahayan na isang beterano ng militar ng U.S., na umalis sa nasabing serbisyo sa militar sa mga kundisyong hindi kahiya-hiya.

Sa Disyembre 1, 2022, ipapaalam sa mga aplikante sa pamamagitan ng email kung napili sila sa palabunutan o hindi. Puwede ring tingnan ng mga aplikante ang kanilang status sa **HACLA.HCVLIST.ORG** at/o kontakin ang **213-523-SEC8**.

Para mag-apply at para sa higit pang karagdagang impormasyon, pakibisita ang **HACLA.HCVLIST.ORG**.





Palabunutan para sa Waiting List ng Section 8

Magbubukas sa Oktubre 17, 2022 nang 6 AM
Magsasara sa Oktubre 30, 2022 nang 5 PM Pacific Time

Mag-apply lamang online sa **HACLA.HCVLIST.ORG**

Tumatanggap ang Housing Authority of the City of Los Angeles ng mga online na aplikasyon para sa mga indibidwal at pamilya na lalahok sa palabunutan para magkaroon ng puwesto sa waiting list ng Programa ng Section 8. Ang Programa ng Section 8 ay nag-aalok ng tulong sa pabahay sa mga pamilya sa pamamagitan ng pagbabayad ng parte ng kanilang upa sa mga may-ari ng pribadong ari-arian. Sinumang pamilya o indibidwal na kwalipikado batay sa kanilang kita ay puwedeng mag-apply at dapat na may isa sa inyong sambahayan ang legal na residente, kahit na menor de edad pa lang ang legal na residente. Alamin ang higit pang impormasyon sa online sa **HACLA.ORG**.

Puwedeng mag-apply online ang mga indibidwal at pamilya 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo, sa loob ng dalawang linggong panahon ng aplikasyon gamit ang smart phone, computer, o iba pang mobile device na may access sa Internet. Walang aplikasyon na tatanggapin nang personal o sa pamamagitan ng liham o email. Para sa mga walang smartphone o computer o Internet, merong libreng paggamit ng mga computer at Internet sa inyong lokal na Los Angeles City library.

Para mag-apply sa palabunutan, kailangan ninyo ng: isang valid na email address, numero ng telepono, address kung saan kayo nakatira (kung mayroon kayo nito) at address kung saan kayo makokontak at nakakatanggap ng sulat; pinagsama-samang taunang kita ng sambahayan; at ang buong pangalan, petsa ng kapanganakan, at numero ng Social Security/numero ng Alien Registration (kung mayroon kayo nito) para sa Ulo ng Sambahayan at kanyang Asawa/Kasamang Ulo (kung naaangkop).

Ang karagdagang mga resource gaya ng mga partner na nagbibigay ng tulong sa aplikasyon, mga klase tungkol sa pagse-set up ng email, at libreng access sa mga computer at Internet ay makikita sa **HACLA.HCVLIST.ORG**. Kung kailangan ninyo ng tulong para sa aplikasyon o pagse-set up ng email dahil sa kapansanan, pangangailangan ng sebisyo sa pagsasalin ng wika, o komunikasyon sa alternatibong format, pakisuyong tumawag sa **213-523-SEC8** o **877-621-SEC8**, sa pagitan ng 7 AM at 6 PM Pacific Time, araw-araw sa panahon ng aplikasyon. Ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa pandinig o pagsasalita na gumagamit ng teknolohiya ng TDD o TTY ay puwedeng tumawag sa California Relay Services sa pamamagitan ng pagda-dial ng **7-1-1** para sa tulong.

Pagkatapos magsara ng panahon ng aplikasyon, magsasagawa ng random na palabunutan para pumili ng 30,000 aplikasyon na isasama sa Waiting List para sa Programa ng Section 8, kaya ang mga aplikasyon ay puwedeng isumite anumang oras sa loob ng dalawang linggong panahon ng aplikasyon.

Sa palabunutan, bibigyan ng prioridad para sa tulong sa pabahay ang mga aplikanteng nakatira, nagtatrabaho, o na-tanggap para magtrabaho sa Lungsod ng Los Angeles, at sa mga aplikante na beterano o may miyembro ng sambahayan na isang beterano ng militar ng U.S., na umalis sa nasabing serbisyo sa militar sa mga kundisyong hindi kahiya-hiya.

Sa Disyembre 1, 2022, ipapaalam sa mga aplikante sa pamamagitan ng email kung napili sila sa palabunutan o hindi. Puwede ring tingnan ng mga aplikante ang kanilang status sa **HACLA.HCVLIST.ORG** at/o kontakin ang **213-523-SEC8**.

Para mag-apply at para sa higit pang karagdagang impormasyon, pakibisita ang **HACLA.HCVLIST.ORG**.

